Bakit kinailangan natin ang bagong mga pamantayan kaugnay ng kaligtasan ng pagkain?

Noong 1995 hinilingan ng mga pang-Estado at pang-Teritoryong Ministrong Pangkalusugan ang Autoridad ng Pagkain sa Australya at New Zealand na magbuo ng magkakatulad na pambansang mga pamantayan kaugnay ng kaligtasan ng pagkain para sa Australya.

Ginawa nila ito sapagkat:

- ang umiiral na mga regulasyong kaugnay ng kalinisan ng pagkain sa bawa't Estado at Teritoryo ay nagkakaiba-iba sa bawa't lugar
- kung minsan ang mga tuntunin ay sadyang paso na ang petsa
- hindi ito nagbigay daan para sa mga hindi kailangang paggasta para sa mga mamimili at mga bahay kalakal

Ang mga ministro ay nag-alala rin tungkol sa antas ng mga sakit sa Australya na dahilan sa pagkain sapagkat maraming naganap na malubhang pagkalason sa pagkain, ang ilan ay naging resulta ng pagkamatay.

Ang mga bagong pamantayan ay inilaan upang makatulong sa mga negosyo na mapanatiling ligtas ang pagkain at mabawasan ang antas ng mga sakit sa Australya na dahilan sa pagkain. Ang mga ito ay batay din sa mga makabagong gawing nauukol sa kaligtasan ng pagkain at isinasaalang-alang ang pandaigdigang mga pamantayan.

Bukod sa lahat, ang mga pamantayan ay inilaan upang matiyak na ang pagkaing binibili natin sa Australya ay ligtas na kainin.

Mga pangunahing kontak

Ang iyong Lokal na Konseho o Yunit na kaugnay ng Pampublikong Kalusugan:

Queensland:
Queensland Health Public Health Units or Environmental Health,
Tel (07) 3234 0938

NSW:
Food Unit, Department of Health,
Tel 02 9816 0268

Victoria:
Your local Environmental Health Officer,
Food Safety Victoria hotline 1300 364 352

Tasmania:
State Food Officer, Department of Health and Human Services,
Tel 1800 671 738

South Australia:
Food Branch, Department of Human Services,
Tel 08 8226 7100,
ehb@dhs.sa.gov.au

Western Australia:
Food Safety Section,
Department of Health, Tel 08 9388 4999

Northern Territory:
Territory Health Services,
Tel 08 8999 2939

ACT:
Food Safety Standards Project Officer,
Health Protection Service, Tel 02 6205 1700

Australia New Zealand Food Authority
P O Box 7186, Canberra MC ACT 2610
Tel: 02 6271 2222 Fax: 02 6271 2278

Visit the ANZFA Website: www.anzfa.gov.au
E-mail ANZFA directly: advice@anzfa.gov.au
Call the ANZFA advice line. 1300 652 166

Mga Bagong Pamantayan kaugnay ng Kaligtasan ng Pagkain para sa mga Negosyong nauukol sa Pagkain sa Australya

New Food Safety Standards for Food Businesses in Australia

Filipino/Tagalog

Commonwealth Department of Health and Aged Care

ANZFA Australia New Zealand Food Authority

Ang pagsasalin ng dokumentong ito ay buong karangalang tinatangkilik ng Komonwelt na Kawagarang Pangkalusugan at Pangangalaga sa Matatanda

Ang polyetong ito ay nagpapakilala ng tatlong bagong ipinag-uutos na mga pamantayang nauukol sa kaligtasan ng pagkain na angkop sa bawat negosyong nauukol sa pagkain sa Australya na hindi kabilang ang mga nakapaloob lamang sa panagunahing produksiyon.

Kailangang malaman ng mga negosyong nauukol sa pagkain at ng mga humahawak ng pagkain ang tungkol sa mga bagong pangangailangan na makaka-apekto sa kanila.

Nasasakupan ng mga pamantayan ang:
- mga gawing kaugnay ng pangkalahatang kaligtasan ng pagkain
- mga pangangailangan para sa paghawak ng pagkain
- mga usaping nauukol sa kalusugan at kalinisan
- lugar at kagamitang nauukol sa pagkain

Ang polyetong ito ay may listahan ng ilan sa mga bagong pangangailangan sa mga pamantayan at mga petsa kung kailan ito magiging epektibo sa bawat Estado at Teritoryo. Ipinaliliwanag din nito kung saan maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon ang mga negosyo at kabilang ang ilang impormasyon tungkol sa bagong mga pamantayang nauukol sa kaligtasan ng pagkain.

Talaorasan para sa pagpapanukala ng ipinag-uutos na mga pamantayang nauukol sa kaligtasan ng pagkain

Ang mga bagong pamantayan ay ipatutupad simula sa petsang nasa ibaba.
24 Pebrero 2001. Lahat ng mga pangangailangan maliban para sa:
1. Pangangailangan para sa pagpapatalastas, 24 Pebrero 2002; at
2. Mga Kasanayan at Kaalaman para sa mga Humahawak ng Pagkain, 24 Pebrero 2002.

Subali't ang mga bagong pamantayan ay hindi lubusang magiging epektibo hangga't hindi nababago ang mga batas kaugnay ng pagkain sa Estado at Teritoryo upang maipatupad ang mga pamantayan.

Kailan magiging epektibo ang mga bagong pamantayan sa aking Estado/Teritoryo?

Ang mga petsa kung kailan magiging epektibo ang mga pamantayan ay nagkakaiba sa bawat isa sa mga Estado at Teritoryo. Sa panahon ng paglilimbag (Agosto 2001) ang mga pamantayan ay ipinatupad na sa NSW at Queensland. Para sa ibang mga lugar kontakin ang iyong lokal na konseho o Kagawaran ng Kalusugan o Kagawaran ng Serbisyong Pantao, ang mga detalye ng pagkontak ay nasa likod ng polyetong ito.

Ano ang aking nararapat gawin na naiiba sa nakaraan?

Ang mga pamantayan ay batay sa mga lumang batas kaugnay ng pagkain. Bagama't may mga bagong pangangailangan, ang mga negosyong may ligtas na operasyon sa kasalukuyan at may pagsang-ayon sa mga lumang regulasyong nauukol sa pagkain, masasabi nilang ang pagsunod sa mga bagong pangangailangan ay napakasimple lamang.

Gayundin, hangga't ang anumang ginagawa nila ay ligtas at mapatutunayan nila ito, masasabi ng ilang mga negosyong nauukol sa pagkain na ang mga bagong pamantayan ay mas mahusay kaysa sa mga lumang tuntunin sapagkat magkakaroon sila ng higit na pleksibilidad sa paraan ng kanilang paggawa.

Mga bagong pangangailangan para sa mga negosyong nauukol sa pagkain

Ang mga negosyong nauukol sa pagkain ay kailangang magbigay ng mga detalye ng pagkontak at impormasyon tungkol sa kanilang negosyo sa kanilang lokal na ahensiyang tagapagpatupad, maliban na lamang kung nagawa na nila ito batay sa umiiral na pangangailangan para sa pagpaparehistro.

May pananagutan ang mga negosyong nauukol sa pagkain na tiyakin na ang pagkaing binibili nila ay ligtas at nararapat na gamitin.

Ang mga tagagawa, mamamakyaw at mga importer na wala pang nakasulat na 'recall system' ay kailangang gumawa nito para sa kanilang negosyo.

Ang mga negosyong nauukol sa pagkain ay inaasahang magproseso ng pagkain sa pamamaraang nagtitiyak na ang mga mapanganib na baktirya ay nananatiling nasa ligtas na antas.

Mga pangangailangan para sa mga humahawak ng pagkain

Kailangang tiyakin ng mga humahawak ng pagkain na hindi nila nakokontaminahan ang pagkain sa anumang paraan at sila ay magkakaroon ng ilang partikular na mga katungkulan kaugnay ng kanilang kalusugan at sariling kalinisan.

Ang mga humahawak ng pagkain ay inaasahang magkaroon ng mga kasanayan at kaalamang kaugnay ng trabahong kanilang ginagawa – hindi sapilitan ang pormal na pagsasanay at sapat na ang mga 'in house' training o pagsasanay sa loob ng trabaho.

May mga bago bang mga pangangailangan?

Ilan sa ibang mga probisyon sa mga pamantayan ay maaari ring maging bago para sa mga negosyong nauukol sa pagkain sa ilang mga Estado at Teritoryo. Ito ay batay kung ano ang kabilang sa lumang mga regulasyon ng Estado at Teritoryo kaugnay ng kalinisan. Ang mga kagawaran ng kalusugan ng Estado at Teritoryo ay makapagbibigay ng impormasyon sa mga negosyo tungkol sa mga lokal na pagbabago.

Mga programang nauukol sa Kaligtasan ng Pagkain

Ang ilang mga Estado at Teritoryo ay may planong magpanukala ng mga programang nauukol sa kaligtasan ng pagkain para sa ilang uri ng negosyo.

Kung angkop ang mga programang nauukol sa kaligtasan ng pagkain sa iyong Estado o Teritoryo, sasabihin sa iyo ng kagawaran ng kalusugan o mga lokal na konseho sa iyong Estado o Teritoryo ang tungkol dito at maipapaalam sa iyo kung paano nito maaapektuhan ang iyong negosyo.

Saan ako makakahingi ng payo?

Makikipagtulungan ang mga pang- Estado at pang-Teritoryong kagawaran ng kalusugan sa mga lokal na konseho at mga yunit para sa pampublikong kalusugan upang matiyak na alam ng mga negosyo ang tungkol sa pagpapakilala ng mga bagong pamantayan.

Maaaring humingi ng payo ang mga negosyo mula sa kanilang lokal na konseho o yunit para sa pampublikong kalusugan habang ipinakikilala ang mga pamantayan sa kanilang lugar.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga bagong pamantayan:

Bisitahin ang website ng ANZFA : www.anzfa.gov.au

Magpadala ng e-mail nang direkta sa ANZFA: advice@anzfa.gov.au

Tumawag sa linyang pagpapayo ng ANZFA: 1300 652 166

Para sa mga detalye ng pagkontak sa kagawaran ng kalusugan sa iyong Estado o Teritoryo, tunghayan ang likod ng polyetong ito.